




NØDVARSEL



Emergency Alert sa cellphone mo

Basahin ang paunawa, sundin ang payo.

Maaaring mangyari ang mga seryosong insidente nang walang babala. Kapag nangyari ito, mahalaga na mabilis mong matanggap ang impormasyon tungkol sa nangyayari at kung ano ang dapat mong gawin. Kaya aming nilulunsad ang Emergency Alert System. Kung magkaroon ng seryosong sitwasyon sa lokasyon mo na kaugnay ang malalang banta sa buhay at gumaling, maaari kang makatanggap ng alertong naglalaman ng mahalagang impormasyon sa cellphone mo.

Ang emergency alert ay binubuo ng maikling text na nagsasabi sa iyo ng **kung ano ang nangyayari at ano ang dapat mong gawin**. Para makuha ang atensiyon mo, ang telepono mo ay magva-vibrate at magpapatugtog ng malakas na parang sirenang tunog. Kapag nakatanggap ka ng emergency alert, basahin ang paunawa at sundin ang payo.

Isang serbisyong nilaan ng mga pampublikong awtoridad

Ang Emergency Alert System ay isang serbisyong nilaan ng mga Norwegian na awtoridad. Ang pulis at Civil Defence ay maaaring magpadala ng mga paunawa.

Ang ilang ibang European na bansa ay may mabuting karanasan sa paggamit ng teknolohiyang ito para alertuhin ang mga mamamayan nila sa mga seryosong peligro tulad ng mga pagbabaha, pag-atake ng terorista at mga pagtapon ng kemikal. Ang mga emergency alert sa mga cellphone ay makakatulong para protektahan ang mga buhay at kalusugan dito sa Norway.

Dinaragdagan ng Emergency Alert System ang mga channel na ginagamit na para abisuhan ang publiko. Sa Norway, matagal na tayong may mga pampublikong babala, binibigay sa pamamagitan ng mga sirena, na nagsesenyas ng malakas na tunog na dapat kang humingi ng impormasyon. Sakaling may seryosong insidente, ang mahalagang impormasyon ay ibo-broadcast sa ilang mga channel, halimbawa, radyo, TV, mga online na diyaryo, mga webpage ng pampublikong awtoridad at social media.

Habang sinusubukan ang mga sirena tuwing anim na buwan, ang Emergency Alert System sa mga cellphone ay regular ding susubukan.

Paano gumagana ang Emergency Alert System

Ipadadala ang emergency alert sa pamamagitan ng network ng cellphone sa lahat ng mga cellphone na makatanggap ng mga nasabing mensahe, sa loob lang ng ilang segundo. Ipapakita ang paunawang text sa alinman sa Norwegian o Ingles, depende sa mga setting ng wika ng telepono mo. Kung sinusuportahan ng telepono mo ang text-to-speech, mapapabasa mo nang malakas ang mensahe.

Hindi ginagamit ng Emergency Alert System ang numero ng telepono mo o anumang ibang impormasyon tungkol sa iyo o sa telepono mo. Hindi mo kailangang magrehistro o mag-download ng app para makatanggap ng mga emergency alert, at ang serbisyo ay lubusang walang singil. Dapat mong tandaan na siguruhin na ang telepono mo ay up-to-date gamit ang pinakabagong software.

Malaman ang higit pa sa emergencyalert.no